# MGA PANUTO SA KAMELYONG PAPET

Kada araw ng VBS, Mga Paglalakbay ng Kamelyo, may papet na palabas na isinulat para sa inyo sa pagitan nina Camelot at Camelia. Masisiyahan ang mga mag-aaral na kilalanin ang mga kamelyo sa panahon ng inyong VBS. Kami ay nananabik na ibigay sa inyo ang mga panuto at disenyo upang gawin ang dalawang papet na ito. Ikaw ay malayang gumamit ng ibang kagamitan o pumili mula sa anumang makikita sa iyong lugar sa matipid na halaga na mainam sa iyong lugar.

1. Ipunin ang mga gamit na kakailanganin mo.
   - Gunting
   - Lapis (para sa pagtalunton ng disenyo sa iyong tela)
   - Kola (mabilis na dumidikit sa tela: silicone o mainit na kola)
   - Pampalaman o batting, ang quilting liner ay mainam, 1/2 metro
   - Cardboard (upang patibayin ang bibig)
   - Karayom na may malaking butas
   - Magaan na sinulid (yarn)
   - Maliit na mga pompon (mga puff ball)
   - 1 Metro kulay kamelyong pyeltro
   - Maliit na piraso ng matingkad na pyeltro (itim o kulay-kape para sa ilong), ang isa pa ay pulang pyeltro (bibig), at opsyonal na kulay rosas na pyeltro para sa mga tainga
2. I-download ang naka-PDF na disenyo at mag-imprenta ng dalawang kopya ng malaking pahina gamit ang 11x17 na papel o A3 (o mag-imprenta sa mga maliliit na pahina at i-tape ng magkakasama). I-imprenta ang ang kopya ng maliit na pahina gamit ang Letter o A4 na papel.
   - Disenyo ng ulo ng kamelyo
   - Disenyo ng bibig
   - Disenyo ng ilong
   - Disenyo ng tainga

Bilhin ang telang kinakailangan para sa kamelyo.  Inirerekomenda namin ang pyeltro, dahil matibay ito at hindi mahimulmol.  Gayunpaman, maaari mong gamiting ang kahit na anong matipid na telang matatagpuan mo sa iyong lugar. Inirerekomenda namin ang matigas at matibay na tela.

Ang dami ng tela sa ibaba ay tantiya lamang, dalhin mo ang disenyo sa tindahan kapag bibilhin mo ang tela upang masigurong sasapat ito.

Kulay ng kamelyo, mapusyaw na kulay-kape o murang kayumanggi 1 metro


Pula 1/8 metro

Kulay-kape or itim 1/8 metro (mas maliit kung posible)


Sinulid: 1/4 pakete ng kulay-kapeng buhok.

1/3 pakete maraming kulay 13mm na laki na mga pompon (mga puff ball)

# PAGGAWA NG IYONG PAPET




1. Gupitin ang tela para sa katawan at bibig.
   - Gumupit ng dalawang piraso para sa katawan
   - Gumupit ng isang piraso para sa bibig
2. Tahiing magkasama ang mga piraso ng ulo ngunit hayaang bukas ang bibig at ang ilalim kung saan ipapasok ang iyong kamay.
3. Tahiing magkasama ang dalawang piraso para sa itaas ng bibig iwanang bukas ang tuwid na mga gilid. Gayundin ang gawin para sa ilalim ng bibig. Tahiin amg maiikising tuwid na mga gilid sa ulo sa gilid na nakabuka. Hayaan ang mahahabang nakikitang mga gilid para sa loob ng bibig.
4. Habang nakabaligtad ang tela, buksan ang piraso ng mga bibig at sapilihan ang pulang pyeltro na bibig tungo sa bukasan. Tiklupin ang pulang bibig sa kalahati upang masukat kung saan dapat idudugtong ang mga sulok ng bibig upang mabuksan ng tama. Maingat na tahiin sa palibot ng pulang bibig, idinudugtong ito sa ulo.




5. Ibiling ang ulo sa kanan ng baligtad upang ang lahat ng tahi ay nasa loob. Gumupit ng mga piraso ng cardboard para sa loob ng bibig. Kung gagamit ng makulubot na cardboard, ilapat ang disenyo sa kalaparan hindi sa kulubot na mga linya kung saan mabilis itong bumaluktot. Hatiin ito at i-tape ang itaas ng bahagi sa ilalim, nag-iiwan ng 2cm na puwang.
6. Gumupit ng dalawang piraso ng palaman (palaman ng unan) mga kasing haba ng bibig, ngunit malapad para mairolyo, palamanan ang itaas at ilalim na bahagi ng ilong ng bawat piraso ng palaman. Gumamit ng sapat para maging matigas ang ilong. Nahahawakan dapat ng iyong kamay ang mga piraso ng cardboard kapag ginamit mo ang papet. Ulitin gamit ang isa pang piraso ng palaman para sa ulo, ipasak ng maigi tungo sa mukha at ulo, hinahayaan ang ilan na mapunta sa leeg. Ang iyong kamay ay nasa harap ng leeg at unang bahagi ng bibig kapag ginamit ang papet.
7. Magpulupot ng ilang metro ng sinulid sa iyong kamay, nakabuka ang mga daliri para mabilis alisin. Talian ito sa gitna at ikalat ang ikid upang makagawa ng kumpol ng "buhok" at idikit ito sa tuktok ng ulo gamit ang silcone na pangola.
8. Kung gusto ng talukap ng mata (gaya ng sa Camelot) gumuhit sa palibot ng disenyong papel sa kulay kamelyong pyeltro at gupitin ang mga ito. Una ikola ang mga mata sa mukha, pagkatapos ay ikola ang mga talukap ng mata sa ibabaw ng mga ito gamit ang iyong daliri upang itaas ang gitnang bahagi ng kaunti para hindi ito maidikit ng nakalapat. Kung gagawa ng Camelia, maaaring gusto mong magkabit ng pilik-mata na binili o ginupit mula sa matingkad na kulay na pyeltro.

9. Maaring malaki ang tainga sa pamamagitan ng pagtalunton sa disenyong ibinigay o gupitin para maging maliit. Ang magpasok ng kulay rosas gaya ng ginawa natin kay Camelia ay opsyonal din. Ikinola namin ang laylayan sa palibot sa labas ng tainga upang bigyan ito ng higit pang laman at tibay matapos maidikit ang kulay rosas na pyeltro sa ibabaw ng kulay kamelyong pyeltrong tainga. Magdesisyon kung saan ikakabit ang mga tainga sa ulo at kung nais mong nakalapat ang mga ito o nakapaloob at bahagyang nakakulot. Ang mainit na kola ay mabisa upang maikola ang mga ito ng mabilis.



10. Ang ilong para kay Camelia ay gugupitin lamang sa palibot ng maliit na disenyo ng ilong sa itim na pyeltro at ididikit ang dalawa sa kanyang mukha. Ang ilong ni Camelot ay may karagdagang ikalawang ilong tinatakpan ang itim na "butas ng ilong" itinatago sa ilalim ng maliit na laylayan upang magbigay ng karagdagang sukat at mas malaking ilong para sa papet.



11. Ang gimasyon at palamuti kay Camelia ay ginawa sa pamamagitan ng paglusot-lusot ng karayom gamit ang pamburdang sinulid at pagtahi ng mga pompon dito na may mga pagitan ng kaunti. Ilagay ang kaakit-akit na palamuti ayon sa nais mo at ikola ito. Maaari mo ring magawa ito gamit ang kulot na laso para kay Camelot. Ang palawit ay ginawa sa pamamagitan ng pagpulupot ng kulot na laso sa apat na daliri, dinadausdos ito at sinisiguro ang isang dulo ng mahigpit gamit ang maraming bilot. Gupitin ang kabilang dulo upang magawa ang makulay na palawit. Ikola sa kanyang gimasyon, na gawa rin sa kulot na laso na ibinalot mo sa kanyang ilong.
12. Magsaya sa pagbuo ng boses na akma sa iyong papet.